# Modyul 16
# Relihiyong Asyano
# Pagbuo ng Pangungusap
# Mula sa dalawa o higit pang Pahayag



## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ano ang pinagkakaabalahan mo? May panahon ka pa bang mamasyal, manood ng sine o pumunta kung saan-saan?

Ang alam ko, abala ka sa pag-aaral, sa mga proyekto at takdang-aralin pero huwag mo ring kalilimutang maglibang paminsan-minsan. Importanteng makapagrelaks ang iyong isip at makapag-isip ka nang wasto. Mahalaga iyan sa iyong buhay sapagkat ang tama mong gagawin ang mag-aakay sa iyo sa tamang landas.

Bakit nga ba marami ang nalilihis ng landas, nagkakamali at napapasama sa masamang barkada? Ganito iyon, kasi, maaaring walang nangangaral o gumagabay, maaaring malakas ang hatak ng barkada, mali ang desisyon at di tama ang kinamulatan.

Ikaw, mapalad ka. Kahit gaano kahirap ang buhay, nakapag-aaral ka. Nariyan ang iyong guro at kamag-aral, pero alam ko, mahirap ding mag-aral. Kailangan nito ang ibayong pagsisiskap at pagtitiis. Idasal mo na lamang sa Panginoon na bigyan ka ng ibayong lakas pero , teka, katoliko ka ba? Iglesia ni Kristo? Protestante? Muslim? Ah, kahit ano pa ang iyong relihiyon, ang mahalaga, marunong kang magdasal at naniniwala ka sa kapangyarihan ng anumang espiritung dinadasalan mo.

Ngayong napag-uusapan na rin lamang natin ang tungkol sa Panginoon, diyan iinog ang mga tekstong mababasa mo sa modyul na ito, ang tungkol sa mga relihiyong Asyano. Kasabay nito, muli kang makababasa ng mga tekstong makatutulong sa iyong pagkatuto.

Tinitiyak ko, mararagdagan ang iyong kaalaman kaya sige na, ipagpatuloy mo pa ang pagbabasa. Good luck!



## Anu-ano na ang matututunan mo?

Sa modyul na ito, makababasa ka ng mga tekstong may kinalaman sa mga relihiyong Asyano ngunit ang mga tekstong ito ay lunsaran lamang ng iyong higit na pagkaunawa sa tekstong narativ bilang isang uri ng teksto, gayundin ang katangian ng teksto. Matututuhan mo rin ang pagbuo ng mga pangungusap mula sa dalawa o higit pang pahayag.

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng mga naunang modyul, ang modyul na ito ay mahalaga kaya pag-ingatan mo ang paggamit nito. Basahin mo pa ang ibang tagubilin.

1. Huwag mong dudumihan o sisirain ang bawat pahina ng modyul na ito.
2. Gumamit ka ng hiwalay na papel sa pagsagot.
3. Basahin mong mabuti ang panuto sa bawat gawain. Magsimula ka sa bahaging "Anu-ano na ang alam mo?
4. Isulat mo nang malinaw ang iyong sagot.
5. Pagkatapos mong sagutin ang bawat gawain, hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Tandaan mo, ang pagsusulit sa bahaging "Ano na ang alam mo" ay may layuning masukat kung ano na ang alam mo, kaya wala kang dapat na ikabahala, kung mababa man ang iyong iskor.

Matapos mong mabasa ang mga tagubilin sa iyo, handa ka na ba? Kung gayon, simulan mo na.

## *Anu-ano na ba ang Alam mo?*

Upang maging mabisa ang iyong pag-aaral, sagutin mo muna ang mga kasunod na pagsubok upang malaman kung ano na ang alam mo.

A. Basahin mong mabuti ang talataan: Pagkatapos, piliin mo ang titik ng wastong sagot.

Pagtutol ng Hari

Ang pamumuno ng mga hari sa Israel ay tinutulan ng mga propetang Hebreo. Kung pansamantala lamang, anila at para sa katatagan ng Israel laban sa mga kaaway nito ay payag sila. Subalit kung pangmatagalan at mananatili ito kahit na wala nang digmaan ay tutol sila. Ayon sa mga propeta, ang pagluluklok ng hari sa lupa ay laban sa batas ng Diyos na siya na lamang dapat kilalaning hari sa lupa man o sa langit. Karamihan pa sa mga hari , tulad na lamang ni Solomon ay mahilig makianib sa ibang mga probinsyang makatutulong sa kanila. Sa pagsasara ng bawat kasunduan tungkol sa ganitong pakikianib, ang mga dayuhang prinsesa ng mga kahariang nakipagkasundo ay pinakakasalang lahat ni Solomon. Pagkatapos ay binibigyan niya ang mga ito ng pahintulot na magtayo ng kani-kanilang templo, na ibang diyos at hindi si Yahweh ang sinasamba sa kalapit na Jerusalem.

Nang wasakin ng Imperyong Assyria ang kaharian ng Israel noong 721 b.k., muling nanawagan ang mga propetang tulad ni Elijah na magbalik-loob ang mga tao kay Yahweh. Sa pagkatalong ito ng Israel nagsimula ang *Diaspora,* o ang pagpapatapon sa malalaking pamilya at mga manggagawang Hudyo sa labas ng Palestina. Dahil dito, naging kalat-kalat ang mga Hudyo sa iba't ibang mga bansa tulad ng Persia, Roma, at Grecia.

Noong 587 B.K., naagaw ng Babylonia ang Israel mula sa mga Assyrian. Sinalakay ng mga ito ang Judah sa timog, winasak ang Jerusalem, at dinala ang mga pinuno nito sa Babylonia bilang mga bihag. Kahit sa kagipitang sinapit nila, hindi nawalan ng magagaling na propeta ang mga Israelita.

Isa sa mga sumipot noong panahong iyon ay si Isaiah na nanawagan din sa pagbabalik-loob ng mga Israelita kay Yahweh at sa pagiging tapat ng mga ito sa Banal na Tipan.

Dahil sa pagkasira ng templo sa Jerusalem at sa pagkakahiwa-hiwalay ng mga Hudyo, nauso ang pagkakaroon ng mga sinagoga bilang mga pook-sambahan. Ang salitang *sinagoga* ay mula sa wikang Griyego na ang ibig sabihin ay 'pagtitipon'. Ang mga sinagoga sa kasalukuyan ay ginagamit sa pang-araw-araw na pagdarasal at pag-aaral.

Hango sa Ang Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya
nina Bro. A. Gonzalez at C. Velez

1. Si Solomon ay mahilig <u>makianib</u> sa ibang mga probinsyang makatutulong sa kanila. Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang _____.
   a. makisangkot c. makisali
   b. makisama d. makiapid
2. Ang sinagoga ay salitang nangangahulugang _____.
   a. pagtitipon c. pagtitipan
   b. pagtatagpo d. pagtatapat
3. Ang pamumuno ng mga hari sa Israel ay tinutulan ng mga propetang Hibreo sapagkat _________.
   a. ang pamumuno ay pansamantala lamang
   b. hindi pa raw matatag ang Israeli
   c. ang mga ito ay laban sa kaaway.
   d. pangmatagalan ang pamumuno nito.
4. Nang wasakin ng Imperyong Assyria ang kaharian ng Israel noong 721B.K.,
   a. pinalayas na silang tuluyan sa Israel
   b. muling nanawagan ang propeta bna magbalik-loob kay Yahweh
   c. pinatapos nang malalaking pamilya pati mga hudyo.
   d. naging kalat-kalat na ang mga hudyo.
5. Ang Diaspora ay _______.
   a. pagpapabalik sa mga Issaelita
   b. pagpapabagsak sa Imperyong Aseyira.
   c. pagpapatapon sa malaking pamilya.

d. pag-aagaw ng Babylonia sa Israel.

6. Layunin ng teksto na _______.
    a. alamin ang pamumuno ng hari sa Israel.
    b. makapaghihikayat ng kristiyanismo.
    c. makapangalap ng datos tungkol sa kristiyanismo.
    d. ipabatid ang isang mahalagang pangayayari.
7. Ang teksto ay tekstong _____.
    a. ekspositori — c. argumentative
    b. narativ — d. persweysiv
8. Ang teksto ay naglalahad ng _________.
    a. mahahalagang kaganapan — c. mga kaisipang pangkristiyano
    b. mga pamamaraan ng pagsamba — d. mga reaksyong panrelihiyon
9. Ang teksto ay sinimulan sa pamamagitan ng _____.
    a. isang paniniwalang di napasusubalian
    b. isang kaisipang sipi sisanag babasahin
    c. isang katanungang nagngangailangan ng sagot
    d. isang pangayayring nakasulat sa kasaysayan.
10. Ang salitang ginamit sa teksto ay ________.
    a. malaya — c. pormal
    b. karaniwan — d. di pormal

B.. Pilin mo sa loob ng pangungusap ang simuno at panaguri. .

1. Tumakas si Muhammad patungo sa Yathrib na siyang tanging siyudad na Madina (Al-Madinah) sa Saudi Arabia.
2. Ang pagtakas na ito ay tinaguriang hegira.
3. Ang Hegira ay napakahalaga sa muslim.
4. Hindi lahat ay tumaggap kay Muhammad.
5. Minata siya ng mga Hudyo.
6. Ginagamit ni Muhammad sa kanyang pangangaral ang Lumang Tipan.
7. Isinaayos niya ang mga seremonya ng pagsamba
8. Nagtakda siya ng mga tungkulin sa mga muslim.
9. Pinaalis ang mga hudyo sa Medina.
10. Ang natira na laamng ay pawang mga muslim.

C..Hanguin mo ang dalawang kaisipan sa mga pangungusap.

1. Ang Islam ay nanggaling sa salitang Arabeng Sallam at ang ibig sabihin nito ay kapayapaan.

___a.__________________________________________________________________

___b.__________________________________________________________________

_____

2. Ang islam ang pangalawa sa mga pangunahing relihiyon sa buong mundo; at ang tagasunod nito ay tinatawag na muslim.

___a.__________________________________________________________________

___b.__________________________________________________________________

3. Hindi nagtagal sa paninilbihan si Muhammad. kay Khadijah at siya ay niyaya nitong magpakasal.

__a.________________________________________________________________

__b.________________________________________________________________

4. Nagkaroon sila ng maraming anak, ngunit iisa lamang ang nabuhay at lumaki.

__a.________________________________________________________________

__b.________________________________________________________________

5. Nagsimulang mangaral si Muhammad at ang una niyang tagasunod ay ang kanyang mga kasambahay.

__a.________________________________________________________________

__b.________________________________________________________________

6. Ang boykot sa kanila ay itinigil noong 619 subalit ilang pangyayari ang sunud-sunod na yamanig kay Muhammad.

__a.________________________________________________________________

__b.________________________________________________________________

7. Hindi napigil si Muhammad sa kanyang layunin habang siya ay iniinsulto, binubugbog at hinahagisan ng basura.

__a.________________________________________________________________

__b.________________________________________________________________

8. Namatay ang kanyang amain pati si Khadijah ay namatay rin.

__a.________________________________________________________________

__b.________________________________________________________________

9. Ipinagpatuloy ni Mahammad ang kanyang misyon ngunit siya'y patuloy ding pinagbababato at hindi tinanggap.

__a.________________________________________________________________

__b.________________________________________________________________

10. Iba' ibang uri ng pangigipit ang ginawa ng mga kaaway subalit ang lahat ng ito ay hindi pinansin ni Muhammad.

___a._______________________________________________________________

___b._______________________________________________________________

D. Pagtapat-tapatin: Piliin sa Hanay B ang titik nga bubuo sa kaisipang nasa Hanay A.

| HANAY A | HANAY B |
| --- | --- |
| 1. Si Jesucristo noong nasa lupa ay binigyan ng kapangyarihang magsalita sa iba't ibang wika | a. upang malaman kung bakit niya inuusig ang mga kristiyano |
| 2. Ang mga unang tagasunod ng kristiyanismo ay inusig | b. kaya nakapangaral siya kahit noon at kahit kanino. |
| 3. Ipinakain sa mga leon ng emperador na Romano ang mga unang Kristiyano | c. nang magpakita sa kanya si Jesus |
| 4. Nagpakita si Jesus kay Saulo | d. dahil sa kanilang pananam-palataya |
| 5. Naging kristiyano na rin si Saullo | |
| 6. Nilibot ni Pablo ang lahat halos ng mga bansa | e. dahil sa pagtutol nilang sumamba sa diyos ng mga |
| 7. Ang muling pagkabuhay ni Jesus ang nagbigay sa mga kristiyano | f. upang maging kasapi sa pananampalatayang kritiyano |
| 8. Nagkakatipun-tipon ang mga kristiyano tuwing linggo | g. upang umawit, magdasal at magbasa ng mga sulat mula kay Pablo |
| 9. Ang mga interesado ay dumaraan muna sa isa o dalawang taong pagsasanay | |
| 10. Siya ay binibinyagan | h. upang magpatuloy sa kanilang misyon. |
| | i. upang mangaral at magtayo ng mga pamayanang kristiyano |
| | j. kapag nakapasa na sa mga pagsubok |

E. Isulat mo kung tambalan, hugnayan o langkapan ang mga pangungusap sa ibaba.

1. Ang pamumuno ng mga hari sa Israel ay tinutulan ng mga propetang Hebrew kung ito ay pansamantala lamang.
2. Nang wasakin ng Imperyong Assyria ang kaharian ng Israel, muling nanawagan ang propeta at hinikayat niya ang mga tao na magbalik-loob na kay Yahweh.
3. Nagsimula ang Diaspora at naging kalat-kalat ang mga Hudyo sa iba't ibang bansa.
4. Kahit sa kagipitang sinapit ng Israel, hindi pa rin nawawalan ng magagaling na propeta ang mga Israelita.
5. Nasira ang templo at nauso ang pagkakaroon ng sinagoga.

Kung tapos ka na, maaari mo nang kunin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Wala kang dapat ipangamba kung mababa man ang iyong iskor. Tutulungan ka ng modyul na ito.

Kung tapos mo nang iwasto ang iyong sagot, dumako ka na sa Sub-aralin 1.

## *Sub-aralin 1: Iba't ibang Paraan ng Pagpapakahulugan ng mga salita*

## A. Anu-ano ang matututunan mo?

1. natutukoy at nabibigyang-kahulugan ang mga salitang ang kahulugan ay nakapaloob sa pagitan ng mga salita
2. nabibigyang-hinuha ang kahulugang maaaring ipinahihiwatig ng isang pahayag
3. nagagamit sa pangungusap ang iba't ibang paraang ginagamit sa pagpapakahulugan sa salita at pahayag

## B. Mga Gawain sa pagkatuto

**Alamin mo:** Panuto: Basahin mong mabuti ang mga salita sa ibaba. Pagkatapos, ayusin mo ang mga ito sa pangkat na kinabibilangan nila.

| | | | |
|---|---|---|---|
| hangganan | nasiyahan | bumaha | dulo |
| dumaong | lumapag | maligaya | paratang |
| hinala | katapusan | lumunsad | nagalak |
| natuwa | akala | wakas | sapantaha |

Nadalian ka ba? Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Bago ka magpatuloy, basahin mo ang kasunod na impormasyon na tutulong sa iyong maunawain ang aralin.

**Linangin mo:**

**Iba't ibang Paraan ng Pagpapakahulugan**

Hindi madali ang magbigay-kahulugan sa isang salita, lalo na kung ito ay mahihirap o malalalim na salita, mga salitang nagtataglay ng di-lantad na kahulugan, mga salitang nagtataglay ng kahuluagn sa pagitan ng mga salita sa loob ng pangungusap at mga salitang may pahiwatig na kahulugan.

Hindi lang iyan. Mayroon pa ring mga bagong salita na nabuo mula sa mga pinaikli at pinagsamang salita at kung anu-ano pa.

Ngayon, upang mapadali ang pagbibigay-kahulugan sa salitang ginamit sa isang teksto o anumang tekstrong binabasa, alamin ang pagkakagamit ng salita para mahinuha agad ang ibig ipakahulugan sa tulong ng mga sumusunod na paraan.

**1. Pagbibigay-kahulugan**

Ito'y pagbibigay –kahulugan sa pamamagitan ng pagbibigay ng gayon ding kahulugan at sa paggamit ng iisang salita lamang sapagkat may mga pagkakataon na nakagugulo sa pag-iisip ang mahahabang pagpapaliwanag

Halimbawa: Diyos-Panginoon

Sa pagbibigaty-kahulugan , maaaring magamit din ang kahulugan mula sa diksyunaryo. Ito ay literal o aktwal na kahulugan. Tinatawag din itong denotasyong jkahuluagan.

**Denotasyon** ay kahulugan makukuha sa diksyunzryo. Ito ay literal o aktwal na kahulugan

Halimbawa: Lumipat na sila ng bahay.
Bahay- tirahan

**2. Pahiwatig na pakahulugan**

Ito ang mga salitang hindi tuwiran o lantaran ang paraan ng pagpapahayag upang maging maganda, maasining at makapag-isip ng angkop na kahulugan sa pagkakagamit ng mga salita sa pangungusap. Sa puntong ito, pumapasok ang konotasyong kahulugna ng salita o buong pangungusap.

**Konotasyon** ang tawag sa pahiwatig na kahulugan na nagsasaad ng kultural o pangkaraniwang kahulugan, ayon sa pagkakagamit ng salita sa pangungusap. Tinatawag din itong kontekstwal na kahulugan.

Halimbawa:

1.Pahiwatig ng kilos- Padabog siyang umalis.
pahiwatig- pagkagalit

2Pahiwatig ng pagsasalita-
a. Sinungaling ka!
b. Sinungaling ka?
c. Sinungaling ka.

Pansinin ang unang pahayag (a) na nagpapahiwatig ng matinding emosyon, maaaring ng galit sa paggamit ng tandang padamdam.

Tingnan naman ang ikalawang pahayag (b) na nagpapahiwatig ng pagtataka, pagtatanong o walang katiyakan na ginamit ang tandang patanong.

Suriin naman ang ikatlong pahayag (c) na ginamitan ng tuldok na nagpapahiwatig ng katiyakan.

3. Pahiwatig sa loob ng pangungusap-

Itinuring niyang bagyo ang dumating sa kanyang buhay.

Sa pangungusap, ang bagyo ay nagpapahiwatig ng isang mabigat na suliranin.

Tapos ka na bang magbasa? Naunawaan mo ba ang iyong binasa?Kung gayon, maaari ka nang dumako sa susunod na gawain.

**Gamitin mo**

**Gawain 1:** Piliin mo sa ibaba ang kahulugan ng mga sumusunod sa salita.

1. pag-ibig
2.supling
3. simbahan
4. tao
5. mundo
6. disipulo
7. maestro
8. pulong
9. dukha
10. aba

kawawa    mahirap    guro    pagmamahal    miting
tagasunod    anak    tahanan ng Diyos    daigdig    nilalang

Napakadali ng gawaing ito, hindi ba? Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Pagkatapos, gawin mo pa ang mga kasunod na gawain.

**Gawain 2**: Isulat mo ang literal na kahulugan (denotasyon) ng mga salitang may salungguhit.Pagkatapos, isulat mo ang pahiwatig na kahulugan (konotasyon) ng mga ito.Isulat mo sa talahanayan ang sagot.

1. Noong mga 1,000 taon pa lamang, nagdaan sa mahigpit na krisis ang sibilisasyon.
2. Ang hirap ng buhay ang nagtulak sa maraming tao na kalimutan ang prinsipyo, magkaroon lamang ng kasagutan ang kanilang pangangailangan.
3. Patuloy pa ring lumaki ang agwat ng ilang mayayaman at napakaraming dukha.
4. Biglang nakakita ng liwanag si Saulo at narinig ang boses ni Kristo at mula noon, nagbago na siya ng puso.
5. Ang unang pagtatangka na pagbatiin ang dalawang simbahan ay nawalan ng saysay.

| Salitang may Salungguhit | Denotasyon | Konotasyon |
|---|---|---|
| | | |

**Gawain 3**: Basahin mong mabuti ang mga pangungusap at pansinin mo ang mga salitang may salungguhit. Pagkatapos, suriin mo ito ayon sa hinihingi sa talahanayan.

1. Bunga ng mabilis na pagbabago, kabi-kabila at halos walang tigil ang mga <u>digmaan</u>.
2. Ang hirap ng buhay ang nagtulak sa maraming tao na kalimutan ang lahat ng prinsipyo sa kanilang buhay.
3. Unti-unting nawala ang mga pari at napalitan ng mga rabbi.
4. Si Muhammad ang nagtatag ng <u>Islam.</u>
5. Tinatawag na <u>muslim</u> ang tagasunod ng Islam.

| Salita | Bahagi ng Pananalita | Pinagmulan | Kayarian ng Salita | Singkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |

Kamusta na ang pagsagot mo? Tingnan nga natin kung wasto ang iyong ginawa. Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Sa susunod na gawain, lalo mong malalaman kung naunawaan mo na ang aralin kaya ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

**Lagumin mo**

A. Basahin mong mabuti ang mga sumusunod na kaisipan. Lagyan mo ng tsek (/) kung ikaw ay sumasang-ayon at ekis (x) kung hindi ka sumasang-ayon.

| | Sumasang-ayon | Hindi sumasang-ayon |
|---|---|---|
| 1. May iba't ibang paraan ng pagpapakahulugan sa salita o pahayag. | | |
| 2. Madaling magbigay-kahulugan sa isang salita | | |
| 3. Walang kahulugan sa pagitan ng mga salita | | |
| 4. May mga salitang maaaring mabuo sa isa pang salitang pinagsama | | |
| 5. Alamin ang pagkakagamit ng salita para mahinuha ang ibig ipakahulugan nito. | | |
| 6. Maaaring mapagkunan ng kahulugan ang diksyunaryo. | | |
| 7. May mga literal o aktwal na kahulugan ang isang salita | | |
| 8. Ang pahiwatig na kahulugan ay lantarang ipinahahayag sa pangungusap | | |
| 9. Ang denotasyon at konotasyon ay pareho ang inihahatid sa mambabasa | | |
| 10. Pumapasok ang konotasyon sa pahiwatig na kahulugan. | | |

B. Punan mo ng angkop na sagot ang mga patlang . Piliin sa loob ng kahon ang titik ng wastong sagot.

Hindi madali ang magbigay-kahulugan sa isang salita, lalo na kung ito ay mahihirap o _________1_______ na salita, mga salitang nagtataglay ng ______2________na kahulugan , mga salitang nagtataglay ng kahulugan sa ______3_______ ng mga salita sa loob ng __________4______ at mga salitang may ________5________ na kahulugan.

Upang mapadali ang _________6__________- sa salitang ginamit sa isang ________7__________ o anumang tekstong binasa, alamin ang ______8________ ng salita para ________9_________ agad ang ibig ipakahulugan sa tulong ng iba't ibang _______10____________.

**Subukin mo**

A. Piliin mo ang letra ng wastong sagot na mahihinuhang kahulugan ng mga salitang may salungguhit**.**

1. Waring walang tainga ang ilang taong hindi nakikinig.
2. Walang dilang humarap ang mga alagad sa Panginoon.
3. Itinuring na walang buto ang taong hindi kayang manindigan.
4. Parang sakristan ang mga mahihirap sa pagsunod sa mga may kapangyarihan.
5. Parang kampana ang bibig ng matanda nang malaman ang nagyari.

a. mahiyain
b. salita nang salita
c. bingi
d. mahina
e. sunud-sunuran

B. Gamitin mo sa pangungusap ang mga salitang may salungguhit sa nasa itaas.

Kung tapos ka na, hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawsto. Kung mataas ang iyong iskor, ang galing mo ! Kung mababa ang iyong iskor, gawin mo ang kasunod na gawain.

**Paunlarin mo**

Sumulat ka ng isang maikling usapan hinggil sa relihiyong kinaaaniban mo. Gumamit ka ng mga salitang denotrasyon at konotasyong kahulugan.

Sa wakas, natapos mo ang sub-aralin 1. Upang lalo pang lumawak ang iyong kaalaman, simulan mo naman ang sub-aralin 2. Good luck!

## Sub – aralin 2: Ang tekstong Narativ sa Pagbibigay ng Impormasyon

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututuhan mo?


Nasususri ang tekstong narativ
Natutukoy ang ginamit na paraan sa pagbubuo ng talata
- istilo sa panimula
- istilo sa pagpapalawak
- istilo sa pagwawakas

Nakasusulat ng isang halimbawa ng tekstong narativ

## B. Mga Gawain sa Pagkatuto

**Alamin mo**

Sumulat ka ng kaugnay na mga relihiyon na may kaugnayan sa simbolong nasa ibaba.



Kung tapos ka na, hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Madali lamang ang gawaing ito, hindi ba? Ngayon naman, ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

**Linangin mo:**

Basahin mong mabuti ang kasunod na impormasyon.

**Tekstong Narativ:**

Nareysyon ang isang teksto kung ito ay naglalahad ng mga impormasyong tumutugon sa katanungang kailan o paano nangyari? Sa ilalim nito ang tatlong uri: ang narativ, report at "news stories"

Sa modyul na ito, muling pagtutuunan ang tekstong narativ. Ang narativ batay sa wikang English na narration o paglalahad. Sa tekstong narativ, naglalahad ito ng mga impormasyon tungkol sa mga kaganapan o pangyayaring naganap, kilos at galaw na nagkaroon ng bahagi sa nasabing kaganapan sa mga tiyak na panahon.

**Ispesifik na katangian ng teksto:**

Pagsususri sa Paraan ng Pagkakasulat ng teksto:

Nararapat na makita ng mga mambabasa ang istilo ng sumulat sa paggamit ng salita, pagbubuo ng mga pahayag , pagbubuo ng pangungusap, pagtatalata at ang pagkakbuo o istraktura ng teksto tulad ng paraan ng pagsisimula, pagpapalawak at pagwawakas.

Sa pagsisismula at pagwawakas ng talataan, may iba't ibang pamamaraan ang isinasagawa upang ang tekstong binabasa ay malinaw na maunawaan ng bumabasa. tulad ng paraang pagtatanong, pagsipi ng isang pahayag mula sa ibang teksto o babasahin, pagbibigay ng makabuluhang pangungusap o kaisipan.

Natapos mo na ba ang pagbabasa? Naunawaan mo naman ba ang iyong binasa? Kung gayon, ipagpatuloy mo pa ang pagbabasa.

**Gamitin mo:**

**Gawain 1:** Basahin mong mabuti ang kasunod na teksto: Pagkatapos isulat mo ang hinihinging impormaasyon sa tulong ng caravan.

## Ang mga Pangunahing Relihiyon sa Asya

Noong mga 1,000 taon pa bago isilang si Kristo, nagdaan sa mahigpit na krisis ang mga sibilisasyon ng Asya bunga na rin ng mabilis nitong pag-unlad. Kabi-kabila at halos walang tigil ang mga digmaan.. Ang hirap na dala nito ang nagtulak sa maraming tao na kalimutan na ang lahat ng prinsipyo, magkaroon lamang ng kasagutan ang kanilang mga pangangailangan sa buhay. Inabuso naman ng mga pinuno ng pamahalaan ang kanilang kapangyarihan. Ang mga pari na maaari sanang takbuhan ng mga tao ay nagkubli naman sa likod ng luma nilang doktrina na hindi na makatugon sa pangangailangan ng nabubulok na lipunan.


Patuloy ring lumaki ang agwat ng ilang mayayaman sa nakararaming mga dukha, ang pagsasamantala ng una sa mga magsasaka, at ang nakalilitong pagsusulputan ng iba't ibang kulturang dala ng iba't ibang lahi.

Unti-unti, bumagsak at nawala ang mga kaayusang sosyal at pulitikal. Sinubok ang ibang sistema ng pamahalaan. Nalansag ang mga paniniwalang panrelihiyon. Ang mga tao ay naghanap ng masusulingan, ng ibang mapagkakatiwalaan sa gitna ng mga nakahihilong pagbabago.

Mula noong 600 hanggang 400 B.K., lumaganap nang husto ang pagtutol ng mga tao sa pagkawala ng mga prinsipyo at pagkalat ng imoralidad. Lumitaw ang mga Griyerong pilosopong sina Socrates at Plato, ang mga propetang Hebreong sina Ezekiel at Isaiah, ang paring Persian na si Zoroaster, ang mga moralista ng India na sina Mahavira at Buddha, at ang mag pilosopong Intsik na sina Mo-Tzu at Confucius.

Samanatalang maraming pagkakaiba ang mga doktrinang kanilang ipinangaral at ikinalat, lahat sila ay nagkaisa sa maigting na pagtutol sa pagbaba ng moralidad, walang-kabuluhang patayan, kasakiman, walang –awang pagsasamantala sa mahihirap, at pangkalahatang kawalan ng prinsipyo ng mga namumuno at maging ng kanilang nasasakupan.

Hango sa:
Ang Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya
nina Bro. A. Gonzales at C. Velez




**Gawain 2:** Muli mong basahin ang talata sa Gawain 1.
Batay sa talatang ito, piliin mo ang titik ng wastong sagot.

1. Lumalaki ang agway ng mayayaman at mahihirap . Ayon sa pahayag ___________
   a. ang mayaman ay lalong yumayaman at ang mahihirap ay lalong naghihirap.
   b. lumalayo ang mga mayayaman dahil sa sila ay di maaaring matulad sa mahihirap.
   c. lumalayo ang mga mahihirap dahil sa di nila kayang pumantay sa mga mayayaman.
   d. sadyang magkalayo ng agwat lalo na sa kabuhayan ang mga mayayaman.

2. Ayon sa teskto, kinalimutan na ng tao ang lahat ng prinsipyo bunga ng ____.
   a. walang tiyak na digmaan.
   b. pangangailangan sa buhay
   c. mabilis na pag-unlad
   d. mahigpit na krus

3. Kapalit daw ng paglimot sa lahat ng prinsipyo ay ___________.
   a. pag-unlad ng bansa
   b. kasagutan sa pangangailangan
   c. pagdanas ng paghihirap
   d. walang tiyak na digmaan.

4. Alin sa mga sumusunod ang di binanggit sa teksto?
   a. Inabuso ng mga pinuno ng pamhalaan ang kanilang kapangyarihan
   b. Ang mga pari ay takbuhan ng mga tao sa kanilang mga pangangailangan.
   c. Patuloy na lumalaki ang agwat ng mayayaman at mahihirap.
   d. Patuloy ang pagsasamntala sa mga mahihirap na magsasaka.

5. Ipinakita sa teksto ang _____________.
   a. suliraning pangkabuhayan
   b. agwat ng mayaman at mahirap
   c. pagsasamantala sa mga mahihirap
   d. lahat ng nabanggit

6. Ang teksto ay sinimulan sa pamamagitan ng _______.
   a. paglalahad ng isang bahagi ng kasaysayan.
   b. paglalarawan ng kaganapan bago dumating si Kristo.
   c. isang makabuluhang pagsisiwalat
   d. pagsipi ng isang kaisipan sa isang aklat.

7. Layunin ng tekstong _______.
   a. magpabatid ng katotohanan.
   b. maglarawan ng nakaraan.
   c. magbigay-puna sa pangyayari.
   d. maglahad ng isang reaksyon.

8. Ang teksto ay tekstong ______.
   a. argumentative
   b. persweysiv
   c. narativ
   d. ekspositori

9. Binanggit sa teksto na bunga ng maraming suliranin ang relihiyon ay ________.
   a. ginamit ng mga makapangyarihan
   b. naging sandata ng doktrina
   c. naging sandigan ng mga pare
   d. tumutol sa pagbaba ng moralidad

10. Napalawak ang teksto sa pamamagitan ng ________.
    a. paglalarawan ng panahon noon.
    b. paggamit ng mahihirap na salita
    c. pag-iisa-isa ng mga relihiyon.
    d. paglalahad ng mga kaganapan noon.

**Gawain 3:**

Panuto: Itala mo ang mga impormasyong hinihingi sa bawat bilang.

1. Kaganapan, bago isilang si Kristo.

______________________________________________________________________________
____________________________________________________________

2. Paghihirap ng mga tao.

______________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________

3. Kaganapan noong 600 hanggang 400 B. K.

______________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________

4. Iisang layunin ng relihiyon.

______________________________________________________________________________
_________________________________________________________________________

5. Aral mula sa teksto.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

**Lagumin mo:**

Panuto: Ayusin mo ang mga ginulong letra sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipan nito.

Sa tekstong [T A V / R N / I A], nailalahad ang mga [M A O / S I P Y / M N O R]

Tungkol sa mga [A K P G A / N A N A] o pangyayaring naganap, [S I / K / L O]

at

| G L A A W |
|---|

na nagkaroon ng bahagi sa nasabing kaganapan

sa mga tiyak na

| A P A H O N |
|---|

Sa pagsususri sa paraan ng pagkakasulat ng teksto, dapat na makita ang

| T I L I S O |
|---|

ng sumulat sa paggamit ng

| A A T I S L |
|---|

sa pagbubuo ng mga

| H P Y G A A A |
|---|

, pagbubuo ng mga

| P A G G U N S P N U A |
|---|

o

| I T R U S U T A K R |
|---|

ng teksto tulad ng

| G M P A I S A L I U S |
|---|

,

| K A A P P A G L A A P W |
|---|

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| P | W | S | K | A | |
| A | A | G | W | A | |

at

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| T | A | A | P | T | A |
| | G | T | A | A | L |

**Subukin Mo:**

Basahin mong mabuti ang talataan at pagkatapos, sagutin mo ang kasunod na gawain.

Ang Islam

Ang Islam ay nanggaling sa salitang Arabeng Sallam, na ang ibig sabihin ay kapayapaan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsuko ng sarili sa Diyos'. Ang Islam ang pangalawa sa mga pangunahing relihiyon sa buong mundo, at ang mga tagasunod nito ay tinatawag na Muslim.

**Si Muhammad**

Ang dakilang "mensahero ni Allah" si Muhammad, ang siyang nagtatag ng Islam. Isinilang siya sa Mecca, na nasa Saudi Arabia, noong bandang 570 P.K. Maagang naulila si Muhammad at ang kanyang lolo ang nag-alaga sa kanya. Nang mamatay ang lolo niya, napunta siya sa isang tiyo na hindi gaanong maganda ang kabuhayan. Sapagkat kailangan, maagang nagtrabaho si Muhammad, at noon niya nakilala nag isang balo, si Khadijah. Mayaman si Khadijah, higit na matanda kay Muhammad, at dalawang beses nang nabalo. Hindi nagtagal sa paninilbihan si Muhammad kay Khadijah at siya ay niyaya nitong magpakasal.

Bilang asawa ni Khadijah, mabilis na natuto sa negosyo si Muhammad. Ngakaroon sila ng maraming anak ngunit isa lamang ang nabuhay at lumaki, si Fatimah (c. 6l6-633). Sa pagkamatay sa pagkasanggol ng iba pa niyang anak at dahil sa kaugalian naman ito sa lugar nila noong araw, nagsimulang mawala si Muhammad sa kanayang tahanan nang pailan-ilang araw. Tumutungo siya sa lugar na walang tao at doon nag-iisip tungkol sa buhay at sa Araw ng Paghuhukom.

**Mensahero ni Allah**

Noong bandang 610 P.K., ayon kay Muhammad ay lumitaw sa kanya ang anghel na si Gabriel at sinabi nito na siya ay magiging mensahero ni Allah. Sa loob ng 10 taon, ilang beses pa uling nagpakita si Angel Gabriel kay Muhammad at binigyan siya ng mga aral at pagsisiwalat. Ang mga ito ay tinipon sa isang banal na aklat na gamit ng lahat ng Muslim, ang Qur an o Koran.

Nagsimulang mangaral si Muhammad pagkatapos nito, at ang una niyang naging mga tagasunod ay ang kanyang mga kasambahay. Pagkatapos ay ang pawang mga kabataan. Sa pangangaral ni Muhammad, maraming nagalit sa kanya. Karamihan sa mga naging kaaway niya ay tutol sa sinasabi niya na iisang Bathala lamang ang dapat sambahin, na kailangang itapon na ang mga idolo at anito at dapat na harapin ang

pagtulong sa mga ulila, api, at mahihirap. Ang huli ang hindi matanggap ng mayayamang negosyante sa Mecca sapagkat makasisira ito sa kanilang negosyo. Maaga rin nilang naunawaan na kung masusunod ang mga pangaral ni Muhammad, magiging bida, ito at maaaring maging pinuno pa ng pamahalaan sa Mecca.

Iba't ibang uri ng panggigipit ang ginawa ng mga kaaway ni Muhammad sa kanyang pangkat. Ininsulto sila sa publiko, binugbog, hinagisan ng basura, at binoykot ang mga negosyo ng ibang kasapi nila. Hindi nakapigil ito sa misyon ni Muhammad at patuloy pa rin siyang nangalap ng mga mananampalataya.

Ang boykot sa kanila ay itinigil noong taong 619 subalit ilang pangyayari ang sunud-sunod na yumanig kay Muhammad. Namatay ang amain niya at si Khadjah. Isa pang amain ang tumangging bigyan siya ng proteksyon. Marami ang gustong pumatay sa kanya. Ilang malalapit na bayan ang dinalaw ni Muhammad upang alamin kung maaari siyang tumigil sa mga ito ngunit siya'y pinagbabato at hindi tinanggap.

Hango sa:
Ang Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya
nina Bro. A. Gonzalez at C. Velez

A. Lagyan ng tsek (/) ang bilang kung ang impormasyong nabanggit sa teksto at ekis (X) kung hindi. Gumamit ka ng hiwalay na papel.

____1. Ang Islam ay nanggaling sa salitang Arabeng salita na ang ibig sabihin ay kapayapaan.
____2. Ayon sa teksto ang kapayapaan ay matatamo sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsuko ng sarili sa Diyos.
____3. Ang Muslim ay galing sa Muhammad.
____4. Ang Diyos ng mga Muslim ay si Allah.
____5. Si Mohammad ang nagtatag ng Islam.
____6. Maagang nagtrabaho si Muhammad dala ng kahirapan.
____7. Napangasawa niya ang isang babaing maging tagasunod niya.
____8. Si Khadijah ang napangasawa ni Mohammad.
____9. Ang Islam ang pangalawa sa mga pangunahing relihiyon sa buong mundo.
____10. Si Muhammad ang tinaguriang mensahero ni Allah.

B. Piliin ang letra ng wastong sagot.

1. Ang Islam ay nanggaling sa salitang Arabeng sallam na ang ibig sabihin ay _____.
   a. kapayapaan c. pagsuko
   b. pananampalataya d. tagasunod
2. Ang tagasunod ng Islam ay tinatawag na ________________.
   a. muslim c. sallam
   b. allah d. Koran
3. Ang tekstong binasa ay tekstong ______________.
   a. narativ c. ekspositori
   b. persweysiv d. argumentative

4. Ang pinakamahalagang salitang ginamit sa panimula ng teksto ay __________.
    a. Islam  c. muslim
    b. relihiyon  d. sarili
5. Layon ng teksto na ________________.
    a. ipaliwanag ang tungkol sa mga muslim
    b. ipakilala ang dakilang mensahero ni Allah.
    c. alamin ang kasaysayan ng Islam.
    d. ihayag ang kapangyarihan ni Allah.
6. Nagsimula ang teksto sa pamamagitan ng _____________.
    a. pagpapakilala sa mensahero
    b. pagbibigay ng maikling impormasyon .
    c. pagsipi ng isang kaisipan.
    d. paglikha ng salawikain.
7. Ang mga salitang ginamit sa teksto ay __________.
    a. malaya  c. di-formal
    b. formal  d. di- matukoy
8. Winakasan ang teksto sa pamamagitan ng _______________.
    a. paghalaw ng isang pangyayari.
    b. paglalahad ng isang kaganapan.
    c. pag-iiwan ng katanungan.
    d. pagsipi ng isang pahayag.
9. Ang teksto ay _____________.
    a. naglalarawan  b. nagsusuri
    b. nagpapabatid  d. nagpapaliwanag
10. Ang nangingibabaw na kaisipan sa teksto ay _______________.
    a. Dakilain ang Allah.
    b. Maniwala kay Muhammad.
    c. Magtiis at magsikap
    d. Maging matalino sa buhay.

Hingin mo na sa iyong guro ang susi sa pagwawasto kung tapos ka nang sumagot. Kung mataas ang iyong iskor, maaari ka nang dumako sa sub-aralin 3. Kung mababa ang iyong iskor, sagutin mo ang Paunlarin mo.

**Paunlarin mo.**

Sumulat ka ng isang tekstong narativ tungkol sa iyong relihiyon.


# Sub-aralin 3: Pagbuo ng Pangungusap mula sa Dalawa o Higit pang Pahayag

## A. Anu-ano ang mga tiyak na natutunan mo?

Napipili ang mga pangungusap na kaugnay ng iba pang pangungusap na nakapaloob sa isang pahayag.
Nakikilala at nakabubuo ng mga pangungusap na nabuo mula sa isa o higit pang pangungusap.
Natutukoy at nakabubuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng impormasyon.

## B. Mga Gawain sa Pagkatuto

**1. Alamin mo:**




Mula sa usapan sa itaas, bu gusap nang hindi nababawasan ang kaisipan nito.

Kung tapos ka na, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto nang malaman mo kung tama ang iyong ginawa.

**Linangin mo:**

Basahin at unawain mo ang mga sumusunod na impormasyon.

**Kayarian ng Pangungusap**

May apat na uri ng pangungusap ayon sa kayarian, ang una ay ang payak na pangungusap na naglalahad ng isang buong kaisipan o isang sugnay na makapag-iisa.

Hal. Ang Kristiyanismo ang pangunahing relihiyon ngayon sa buong mundo.

Kung ang pangungusap sa itaas ay daragdagan o durugtungan ng isa pang payak na pangungusap o ng isa pang sugnay na makapag-iisa, maiiba na ngayon ang kayarian nito sapagkat magiging dalawa na ang kaisipan nito. Ang tawag dito ay tambalang pangungusap.

Ang tambalang pangungusap ay binubuo ng dalawa o higit pang payak na pangungusap o sugnay na makapag-iisa.

Halimbawa:

Ang Kristiyanismo ang pangunahing relihiyon ngayon sa buong mundo at ang paglaganap nito ay hindi mapasusubalian..

Pansinin ang pangungusap sa itaas. Ang unang kaisipan ay " Ang Kristiyanismo ang pangunahing relihiyon ngayon sa buong mundo." , ang ikalawang kaisipan ayang paglaganap nito ay hindi mapasusubalian." Ang dalawang ito ay pinag-ugnay ng pangatnig na at. kaya ito ay **tambalang pangungusap**. May iba pang pangatnig na ginagamit rito. ang pangatnig na ngunit, subalit. datapwat, bagamat, saka at pati.

Tingnanmo naman ang kasunod na pangungusap:

Ang mga apostol ay binigyan niya ng kapangyarihang magsalita sa iba't ibang wika kaya nakapangaral sila kahit saan at kahit kanino.

Ang pangungusap ay binubuo ng isang payak na pagungusap o sugnay na makapag-iisa ( Ang mga apostol ay binigyan niya ng kapangyarihang magsalita sa iba't ibang wika ) at ng pantulong na sugnay na may kaugnayan sa punong sugnay ( kaya nakapangangaral sila kahit saan at kahit kanino . Ang tawag naman dito ay **hugnayang pangungusap**. Ang sugnay na makapag-iisa at ang pantulong na sugnay ay pinag-ugnay ng pangatnig na kaya. . Ang iba pang pangatnig na ginagamit dito ay sapagkat, , dahil sa, kapag, nang at upang.

Tingnan mo naman ang kaibahan ng isa. pang uri ng pangungusap ayon sa kayarian, ang **Langkapang Pangungusa**p. Ito ay binubuo ng dalawa o higit pang punong sugnay at ng isa o higit pang pantulong na sugnay.

Halimbawa:

Ang pagiging opisyal na relihiyon ng kristiyanismo ng Imperyong Romano ang naging bigkis ng mga kristiyano at ng emperador at makikita ito kapag mayroong di pinagkasunduan sa Simbahang kristiyano na siguradong pakikialaman ng emperador.

Ang unang sugnay sa pangungusap ay " Ang pagiging opisyal na relihiyon ng kristiyanismo ng Imperyong Romano ang naging bigkis ng mga kristiyano at ng emperador , ang ikalawang sugnay na makapag-iisa ay " makikita ito". Ang bahaging kapag mayroong di pinagkasunduan sa Simbahang kristiyano ay pantulong na sugnay.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Sige nga, subukin mong gawain ang mga kasunod na gawain.

**Gamitin mo:**

**Gawain 1**: Hanguin mo sa talataan ang mga pangungusap na may dalawa o higit pang pahayag.

## *Ang Shintoismo*

Umiiral na ang Shintoismo sa Hapon hindi pa man dumarating dito ang relihiyong Buddhismo, subalit nang dumating lamang ang Buddhismo sa Hapon, nagkaroon ng malinaw sa personalidad ang Shintoismo.

Dalawang mahahalagang seremonya ang idinaraos sa Shintoismo, ang misogi at matsuri. Ang misogi ay ang pisikal na paglilinis na itinuturing na pinakamahalagang sa mga ritwal ng Shintoismo samanatalang ang matsuri naman ay ang magulo, maingay at masayang pagpaparada ng mga **diyos** o **kami** sa mga kalye. Tulad sa Pilipinas, ang mga diyos na ito ay pinapasan ng mga tao habang ipinaparada ang mga ito.

Nang dumating ang Buddhismong Makayana sa Hapon, maraming tagasunod ng Shintorismo ang naakit. Ang mga dating diyos ng Shintoismo pati na si Amaterasu na siyang kinikilalang ninuno ng mga emperador ng Hapon, ay nasapawan ni Buddha ngunit ito ay sa mga siyudad lamang sapagkat sa mga probinsya, nanatiling malaganap ang Shintoismo.

**Gawain 2:**

Pagdugtungin mo ang mga kaisipang magkakauugnay sa Hanay A at Hanay B. Titik lamang ang isulat.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. Ang Islam na ang ibig sabihin ay kapayapaan ay pangalawa sa mga pangunahing relihiyon sa buong mundo. | a. at hindi siya Diyos gaya ng sinasabi sa kanilang reli-hiyon |
| 2. Ang mga unang tagasunod ng kristiyanismo ay inusig | b. at ng mga tagsunod nito ay tinatawag na Muslim |
| 3. Inamin ni Emperador Hirohito sa kanyang mga kababayan na siya ay isang tao lamang | c. subalit nang tumagal, nag-karoon na ng panggigipit na naging dahilan upang lumiit ang bilang ng mga alagad ni Zoroaster sa sari-li niyang bansa |
| 4. Sa simula, pinabayaan ng mga Muslim ang mga Zoroastrian sa kanialang relihiyon. | d. dahil dito, nagustuhan siya ng asawa ng paraon. |
| 5. Gwapo si Jose, ang paboritong anak ni Jacob | |

**Gawain 3:**

Bumuo ng iba't ibang uri ng kayarian ng pangungusap sa tulong ng larawan sa ibaba.



Kung tapos mo nang sagutin ang mga gawain, hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**Lagumin mo:**

Sa tulong ng dayagram sa ibaba, isulat ang pagkakaiba-iba ng mga uri ng pangungusap ayon sa kayarian.

**KAYARIAN NG PANGUNGUSAP**

1. P
A
Y
A
K

______________________

______________________

______________________

2. T
A
M
B
A
L
A
N

______________________

______________________
(mga pangatnig)

______________________

3. HUGNAYAN

______________________________

______________________________
( mga pangatnig)

______________________________

4.. LANGKAPAN

______________________________
___________________________
( mga pangatnig)

______________________________
___________________________
( mga pangatnig)

______________________________

**Subukin mo:**

A. Punan mo ang patlang ng wastong salitang angkop sa talataan. Piliin sa ibaba ang wastong sagot.

Upang maging mabisa ang ating paglalahad, guamagamit tayo ng mga pangungusap na binubuo ng ______1_____ o higit pang pangungusap.
Bumubuo tayo ng ______2______ pangungusap kung saan ________3_______natin ang dalawa o mahigit pang ____4_____na makapag-iisa.

Gumagamit din tayo ng _____5_______ pangungusap , kung saan pinag-uugnay ang _____6_____ sugnay na _____7_________ at isa o higit pang di makapag-iisang sugnay.

Nariyan din ang _______8______ pangungusap na binubuo ng dalawa o ______9_____pang sugnay na makapag-iisa at isa o higit pang sugnay na _______10_______ makapag-iisa. .

| | | | |
|---|---|---|---|
| tambalan | sugnay | dalawa | pinag-uugnay |
| hugnayan | makapag-iisa | isa | langkapan |
| higit | hindi | | |


B. Sumulat ng isang maikling talataan hinggil sa kahalagahan ng relihiyon. Bumuo ng tamabalan, hugnayan at langkapang pangungusap.

Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto kung tapos mo nang gawin ang mga gawain.

Marahil, handa ka na sa susunod na pagsubok. Unawain mo at paghusayan mo ang pagsagot.

## Gaano ka na kahusay:

A. Piliin mo sa ibaba ang mga salitang may kaugnayan sa mga salitang nasa loob ng bilog.



| | | | |
|---|---|---|---|
| Panginoon | malinis | alagad | problema |
| alalahanin | kapanalig | walang sala | dakila |
| anghel | pagsubok | makapangyarihan | tagasunod |

B. Basahin mong mabuti ang talataan. Pagkatapos sagutin at piliin mo ang titik ng wastong sagot.

# Ang Confucianismo

Si Confucius (551-479 B.K.) ang pangunahin sa mga ito. Ang kanyang mga disipulo noon ay binubuo ng mga manunulat, aktibista, astronomo, at tagapagtala ng kasaysayna. Bagama't karamihan sa mga tao ay wala nang paniwala bna mapabuti pa nila ang kanilang lipunan at pananampalataya sa pamamagitan ng mga lumang tradisyon, iba ang paniwala ni Confucius.

Ang mga lumang tradisyon ay kinuha niya at binigyan ng mga bagong kahulugan upang makatugon sa pangangailangan ng mga tao. Ayon sa kanya, matitigil lamang ang mga digmaan kung magkakaroon ng matalino at mabait na hari na magtuturo at magpapkita ng magandang halimbawa sa mga tao. Siniguro niya na hindi makakamit ang mabuting lipunan sa pamamagitan ng karahasan. Bagama't handing makipaghamok at mamatay ang mga mamamayan para sa isang mabuting simulain, mahigpit na tinutulan ni Confucius ang paggamit ng karahasan. Lahat ng kanyang mga pangaral ay nakabatay sa kanyang paniwala na upang magkaroon ng matlinong lipunan, dapat munang tumino ang mga tao. ang tao , aniya pa, ay mayroong malayang pagpapasiya upangt pumili sa pagitan ng mabuti at masama.

Nakilala rin si Confucius sa pangalang K'ung Fu-tzu. Galing siya sa aristokratang pamilya na naghirap. Subalit nakatapos si Confucius ng pag-aaral sa larangan ng tula, kasaysyan, musika, pangingisda, at pamamana. Ang mga disiplinang ito ang karaniwang itinuturo noong araw.

Nagtrabaho sa pamhalaan si Confucius ngunit dahil sa kawalan ng asenso ay nagsimula siyang magturo. Sa loob ng 25 taon, nagturo siya ng kasaysayan at mabuting pamahalaan. Noong siya ay mga 50 taon na, kasama ang kanyang mga alagad ay nagsimula siyang maglibot at maghanap ng pamahalaang magsasagawa ng kanyang mga teorya tungkol sa mabuting paraan ng pagpapatakbo ng pamahalaan.

Ang dinastiyang Chou na papabagsak na nang isilang si Confucius ay napalitan ng dinastiyang Ch'in. Ang mga hari ng Ch'in ay walang hilig sa pag-aaral, at ang inaatupag nila noon ay ang pagpapatupad ng mahihigpit na mga batas at ang pananakot sa

mga tao.  Nang mapalitan ng dinastiyang Han ang Ch'in ay saka lamang ngakapuwang ang mga aral ni Confucius sa pamahalaan.

Tumagal nang 400 taon ang dinastiyang Han sa kapangyarihan.  Sa paghahari nito, naging opisyal na relihiyon ng Tsina ang Confucianismo at nagkaroon ng mga pantas na nagpalaganap ng mga turo ni Confucius.

Bagama't isinapi ang Confucianismo sa iba pang mga pilosopiya at relihiyon sa Tsina tulad ng Taoismo at Buddhismo, hindi ito nawala o natabunan.  Noong sumapit ang ika-6 dantaon P.K., halos lahat ng mga distrito sa bansa ay katatagpuan ng mga templo para kay Confucius, na halos diidiyos na noon ng mga Intsik.

Para kay Confucius, bagama't may halaga ang pagsamba at ang mga seremonyang panrelihiyon, higit na dapat unahin ang mga tungkulin ng tao sa lipunan. Dahil sa kaguluhan noong panahon nila, ang pangunahing layunin ni Confucius at ng kanyang mga tagasunod ay ang pagkakaroon ng maayos at masaganang buhay para sa mga tao.  Ang moralidad at edukasyon, hindi ang pagsamba, ang siyang pinapuso ng Confucianismo.  Sa halip na asikasuhin ang pagtatayo ng mga monasteryo at mga pook-sambahan, inuna nina Confucius ang pagpapatibay ng mga institusyong tulad ng pamilya at maliliit na pamyanan.

Ang mga turo ni Confucius, sa madaling salita, ay binubuo ng pagmamahal sa kapwa, kawalan ng paghahangad na sumikat, kababaang-loob, paggalang sa kapwa, edukassyon upang mapaunlad ang kultura, at pagpapanatili ng kapayapaan.

Ang rebolusyong komunista sa Tsina noong 1949 ay malaking dagok sa Confucianismo.  Sa ilalim ng pamumuno ni Mao Zedong (Mao Tse-Tung), ang mga turo ng Confucianismo ay ibinasura ng mga Intsik.

1. Ang kanyang mga <u>disipulo</u> noon ay binubuo ng mga manunulat, aktibista, astronomo at tagapagtala ng kasaysayan.  Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang __.

   a. alalay  
   b. alagad  
   c. tagapayo  
   d. panginoon

2. Sa pahayag na "  Ang moralidad at edukasyon, hindi ang pagsamba ang siyang pinakapuso ng  Confucianismo " , ay nangangahuilugang _____________.

   a. mahalaga ang moralidad at edukasyon  
   b. hindi mahalaga ang Confucianismo  
   c. hindi mahalaga ang pagsamba  
   d. walang silbi sa Confucianismo ang pagsamba

3. Ang  rebolusyong Komunista sa Tsina noong 1949 ay malaking dagok sa Confucianismo.  Ang dagok ay nangangahulugan ______.

   a. babala  
   b. panganib  
   c. suliranin  
   d. hadlang

4. Ang tekstong binasa ay tekstong ___________.

a. ekspositori
b. narativ
c. argumentative
d. persweysiv

5. Ayon sa teksto, naniniwala si Confucius na upang magkaroon ng matinong lipunan, dapat na ______________.

a. maniwala ang mga tao sa kanya
b. pahalagahan ang edukasyon
c. maging matino ang tao.
d. may mabuting pamamahala

6. Nagsimula ang teksto sa pamamagitan ng ________________.

a. paglalahad ng impormasyon
b. pagbibigay ng opinyon
c. pagsasalaysay ng pangyayari
d. paglalarawan ng katotohanan

7. Ang mga salitang ginamit sa teksto ay __________.

a. pormal
b. di- pormal
c. malaya
d. karaniwan

8. Layunin ng teksto na ______________.

a. ipaalam ang kahalagahan ng Cunfucianismo
b. ipaliwanag ang Confucianismo
c. ilahad ang pangayayri sa Tsina
d. ilarawan ang buhay nila sa Tsina

9. Ang nangingibabaw na kaisipan sa teksto ay ______________.

a. mahalaga ang pagsamba at seremonyang panrelihiyon.
b. dapat unahin ang tungkulin ng tao sa lipunan.
c. malaman ng tao ang Confucianismo.
d. kilalanin si Confucius.

10. Ang tekstong binasa ay ________________.

a. naglalarawan ng kasaysayan
b. naghihikayat ng relihiyon
c. nagbibigay ng impormasyon
d. naglalahad ng opinyon.

C. Piliin mo  sa Hanay B ang pahayag na bubuo sa kaisipang nasa Hanay A.

HANAY A

1. Mabuti ang kalagayan ng Persia noon
2. Ang 12 anak na lalaki ni Jacob na kilala rin sa pangalang Israel at ang mga anak at apo  ng mga ito ang siyang bumuo sa 12 tribo ng Israel.
3. Karaniwang naririnig ang pahayag na "Para ka namang Hudyo".
4. Ang Islam ay nanggaling sa salitang Sallam
5. Ang mga ilusyong bumubulag sa tao ang patuloy na naghihiwalay sa atin sa Diyos.
6. Kasama ng pag-iisip ang pagsasakripisyo ng mga bagay na nakasanayan na o hinahanap ng katawan.
7. Ang pagiging magkasalungat nina Buddha at Brahman
8. Umiiral na sa Tsina ang Confucianismo
9. Ang mga apostol ni Kristo ay binigyan ng kapangyarihang magsalita sa iba't ibang wika.
10. Ang mga may nais na maging Kristiyano ay dumaraan sa mga pagsubok

HANAY B

a. kapag ang isang tao ay ayaw na mangilin sa Mahal na Araw.
b. kahit na mamatay tayo.
c. at papaunlad ang mga sentro ng sibilisasyon nito.
d. upang lalong mapabuti ang kal;uluwa.
e. na ang ibig sabihin ay kapayapaan.
f. at dito nanggaling ang katawagan sa kanila ng mga Israelita.
g. upang malaman kung talagang gusto nilang maging Kristiyano.
h. kung bakit hindi nagtagal ang Budhismo rito.
i. nang dumating ang Buddhismo.
j. kaya nakapangaral sila kahit saan at kahit na kanino.

D. Isulat mo ang uri ng kayarian ng pangungusap na sinasaad sa bawat bilang.

1. Ang paglaganap ng Kristiyanismo ay naging mabilis at malawak pati ang mga Hudyo ay naakit na sumapi rito.
2. Ang mga unang tagasunod ng Kristiyanismo ay inusig dahil sa ang kanilang pananampalataya ay hindi sinasang-ayunan.
3. Pinag-initan ng ulo ang mga Kristiyano dahil sa tutol sila sa relihiyong ito kaya sila ay pinarusahan.
4. Isa sa pinakamasipag sa pang-uusig sa mga Kristiyano ay si Pablo at ang dati niyang pangalan ay Saulo.
5. Sa Jerusalem, maraming nakilalang mga dating Hudyo si Saulo at ito ang pinag-usig.
6. Nagbago ng paniniwala si Saulo nang makakita siya ng liwanag at marinig ang titnig ni Kristo.
7. Naging kristiyano si Saulo at pinalitan niya ang kanyang pangalan ng Pablo.
8. Nilibot ni Pablo ang lahat halos ng mga bansa upang ikalat an g pangaral ni Kristo  na nagpapatunay na naisagawa niya ang kanyang misyon.

9. Ang muling pagkabuhay ni Kristo ang nagbigay sa mga disipulo upang magpatuloy sa kanilang misyon.
10. Nagtipun-tipon sila upang umawit at magdasal ng panalangin sa Panginoon.

E. Sumulat ka ng talatang magbibigay ng impormasyon tungkol sa iyong relihiyon Gumamit ka ng iba" ibang kayarian ng pangungusap.